

Pahina ng Impormasyon (Factsheet)

Ikaapat na Plano ng Pagkilos ng Pambansang Plano para Mabawasan ang Karahasan sa mga Kababaihan at Kanilang mga Anak (National Plan to Reduce Violence Against Women and Their Children) 2010-2022 (Ang Pambansang Plano)

Ang impormasyon sa factsheet na ito ay dinisenyo upang madaling mabasa.

Panimula

Ang lahat ng anyo ng karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak ay hindi tinatanggap, sa anumang komunidad at sa anumang kultura. Ang lahat ng mga antas ng pamahalaan, dagdag pa ang negosyo, mga tagapagbigay ng serbisyo at ang komunidad ay dapat manindigan sa patuloy na pagkilos at pamumuhunan upang ihinto ang karahasan bago pa ito magsisimula, at suportahan ang mga kababaihan at kanilang mga anak kung saan at kailan nila ito kailangan.

Ang pagtatapos ng karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak ay nagsisimula sa pagtaguyod ng pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan, at paggalang sa lahat. Walang iisang sanhi ng karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak; gayunpaman, ginagawang posible ng di pagkapantay-pantay ng kasarian (gender inequality) na mangyari ang naturang karahasan. Ang Ikaapat na Plano ng Pagkilos ay magpapatuloy sa pagtugon sa isyung ito sa pamamagitan ng pag-iwas, maagang interbensyon at pagtugon, kabilang ang pagsusumikap kasama ng mga taong gumagamit ng karahasan, upang itigil ito.

Ang mga porsiyento ng karahasan laban sa mga kababaihan ay sobrang nakakabahala. Isang babae ang pinapatay tuwing siyam na araw ng kanyang kasalukuyan o dating kapareha¹. Ang mga porsiyento ng sekswal na karahasan ay nadagdagan ng walong porsiyento sa kabuuan ng Australia sa pagitan ng 2016 at 2017². Patuloy na lumilitaw ang kumplikadong karahasan, katulad ng sapilitang pag-aasawa at pag-aabuso ng dowry. Ang ganitong mga karanasan ay maaaring maimpluwensiyahan ng mga pangkulturang paniniwala at tradisyon, imigrasyon at paninirahan sa isang bagong bansa, at

¹ Australian Institute of Health and Welfare (AIHW, Instituto sa Kalusugan at Kagalingan ng Australia), *Family, domestic and sexual violence in Australia: continuing the national story 2019 (Pampamilya, pantahanan, at sekswal na karahasan sa Australia: nagpapatuloy na kuwento ng bansa 2019)* (Canberra, ACT: AIHW, 2019), <https://www.aihw.gov.au/reports/domestic-violence/family-domestic-sexual-violence-australia-2019/report-editions>.

² Australian Bureau of Statistics (ABS, Kagawaran ng Estadistika ng Australia), *Recorded Crime – Victims, Australia, 2017 (Mga Naitalang Krime – Mga Biktima, Australia, 2017)* (Canberra, ACT: ABS, 2018), [https://www.abs.gov.au/ausstats/abs@.nsf/Lookup/by%20Subject/4510.0~2017~Media%20Release~Recording%20of%20sexual%20assaults%20reaches%20eight-year%20high%20\(Media%20Release\)~16](https://www.abs.gov.au/ausstats/abs@.nsf/Lookup/by%20Subject/4510.0~2017~Media%20Release~Recording%20of%20sexual%20assaults%20reaches%20eight-year%20high%20(Media%20Release)~16).

sa ilang mga konteksto, sa mga pinapahalagahan ng relihiyon at/o kultura ng naturang tao, bukod pa sa ibang mga salik. Kailangang tugunan ang mga krimen na ito at tutukan nang maigi.

Ang Pambansang Plano at pagbuo ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos

Ang Pambansang Plano ay inilabas noong 2011. Naglalayon ito na siguraduhing bawat taon, mas kaunting kababaihan ang makakaranas ng karahasan at mas maraming kababaihan at kanilang mga anak ang mamumuhay nang ligtas. Kinokonekta ng Pambansang Plano ang mahalagang trabaho na ginagawa ng lahat ng mga pamahalaan ng Australia, estado at teritoryo, mga organisasyon sa komunidad at mga indibidwal. Kinikilala nito na ang karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak ay isang kumplikadong problema na nangangailangan ng pangmatagalang plano ng pagkilos. Para sa kadahilanang ito, hinahatid ang Pambansang Plano sa pamamagitan ng apat na mga plano ng pagkilos na binubuo mula sa bawat isa, na may isang pagpapalabas bawat tatlong taon. Ang dokumentong ito ay nagbabalangkas sa mga pangunahing aspeto ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos, ang pinakahuling plano ng pagkilos ng seryeng ito.

Upang mabuo ang Ikaapat na Plano ng Pagkilos, ang Pamahalaan ng Australia ay malawak na kumunsulta sa daan-daang tao na apektado ng karahasan, at pati na rin sa mga taong nagtatrabaho upang itigil ito. Sa 2018, isinagawa ang 30 pagkokonsulta kasama ang higit sa 600 indibidwal at 400 organisasyon. Kasama rito ang mga taong nagtatrabaho kasama ang mga kababaihan na nakaranas ng pampamilya, pantahanan at sekswal na karahasan; ang pangkalahatang komunidad; mga mananaliksik; at mga tao na nagtatrabaho sa mga organisasyon ng kalusugan, hustisya, at negosyo. Ang mga resulta ng mga konsultasyon na ito ay nagbigay kaalaman sa Ikaapat na Plano ng Pagkilos.

Ang Ikaapat na Plano ng Pagkilos

Ang Ikaapat na Plano ng Pagkilos ay may walong pangunahing prinsipyo. Ang mga prinsipyong ito ay ginagamit sa lahat ng mga aktibidad ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos at sumusuporta at nagbibigay kaalaman at katwiran sa limang pambansang prayoridad. Ang limang pambansang prayoridad ay nagbibigay-diin sa mga larangang pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaan. Ang mga prayoridad ay sumasalamin sa mga narinig namin sa mga konsultasyon at kung ano ang gumagana ayon sa ebidensiya.

Unang Pambansang Prayoridad: Ang Pangunahing Pag-iwas ay susi

Ang pag-iwas ay ang pinaka-epektibong paraan upang mawala ang karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak at ang pangunahing bahagi ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos. Ang pangunahing pag-iwas ay nangangahulugang pagpigil sa karahasan bago ito mangyari.

Nangangahulugan ito ng pagbabago sa mga saloobin, pag-uugali at tinatanggap na pamantayan na nagpapasensya, nagbibigay-katwiran o pati na paghihimok ng karahasan laban sa mga kababaihan at

kanilang mga anak. Ang mga aktibidad sa pangunahing pag-iwas ay para sa buong komunidad, at hindi lamang para sa mga taong naaapektuhan ng karahasan.

Ikalawang Pambansang Prayoridad: Suportahan ang mga kababaihang Aboriginal at Torres Strait Islander at kanilang mga anak

Ang mga kababaihan, mga anak at mga komunidad na Aboriginal at Torres Strait Islander ay nagpapatuloy na dumaranas ng desproporsyonadong mataas na porsiyento ng karahasan³.

Dapat na malinaw sa atin na ang karahasan sa pamilya ay hindi bahagi ng kultura ng Australia, o ng kulturang Aboriginal at Torres Strait Islander. Ang kultura at pamilya ang pangunahing susing pamprotektang salik na sumusuporta sa mga katutubong pamilya upang maging malaya sila sa karahasan. Ang mga kababaihang Aboriginal at Torres Strait Islander ay dapat suportahan upang makagawa ng mga pagpili na poprotekta at magtataguyod sa pangkalahatang kaligtasan nila at ng kanilang mga pamilya kung sisirain nila ang siklo ng trauma at karahasan. Kinikilala ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos na ang pag-iwas at pagtugon sa karahasan sa pamilya ay nagsisimula sa pagkilala sa lakas at kakayahan ng indibidwal, pamilya at komunidad.

Ang mga solusyon na tutugon sa karahasan ay dapat epektibong nagpapasali at nagbibigay-kasangkapan sa mga kababaihang Aboriginal at Torres Strait Islander sa mga proseso sa pagsasagawa ng desisyon. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo at mga pamahalaan ay dapat makipagtrabaho kasama ng mga taong Aboriginal at Torres Strait Islander at ng mga organisasyon na kontrolado ng komunidad upang makabuo ng mga solusyon na angkop sa kultura, may kaalaman sa trauma at holistic at maaaring humantong sa paglunas ng pinsala para sa mga pamilya at mga komunidad.

Ikatlong Pambansang Prayoridad: Gumalang, makinig at tumugon sa mga karanasan at kaalaman na mula sa pamumuhay na may ibang kultura at lahi ng mga kababaihan at kanilang mga anak na apektado ng karahasan.

Ang mga kababaihan na mula sa iba't ibang kultura, lahi at sitwasyon ay maaaring makaranas ng karahasang pantahanan, pampamilya at sekswal. Hindi parepareho ang karanasan sa karahasan ng dalawang babae. Ang mga karanasan ng mga biktima at taong nakaligtas mula sa karahasan ay

³ Our Watch (Ang Ating Pagbabantay), *Changing the Picture: A National Resource to Support the Prevention of Violence against Aboriginal and Torres Strait Islander Women and their Children (Pagbabago ng Larawan: Isang Pambansang Rekurso upang Suportahan ang Pag-iwas sa Karahasan Laban sa mga Kababaihang Aboriginal at Torres Strait Islander at kanilang Mga Anak)* (Melbourne, VIC: Our Watch, 2018), <https://www.ourwatch.org.au/getmedia/ab55d7a6-8c07-45ac-a80f-dbb9e593cbf6/Changing-the-picture-AA-3.pdf.aspx>.

makakatulong sa atin upang maunawaan kung ano ang gagana para sa kanila. Ang mga serbisyong pansuporta ay dapat:

- magbigay ng prayoridad sa mga pangangailangan at tinig ng mga biktima at taong nakaligtas mula sa karahasan
- umiwas sa diskriminasyon laban sa sinumang biktima o taong nakaligtas mula sa karahasan
- magpakita ng pag-unawa sa iba't ibang karanasan ng trauma
- isaalang-alang ang mga pangangailangan at karanasan ng iba't ibang kultura
- isaalang-alang ang lahi, sekswalidad, kasarian at kapansanan
- isaalang-alang ang di pagkapantay-pantay sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan kasama ng iba pang mga anyo ng diskriminasyon at disbentahe sa lipunan.

Mahalagang isaalang-alang ang di pagkapantay-pantay ng kasarian kasama ng iba pang mga anyo ng diskriminasyon at disbentahe sa lipunan. Ang lahi, sekswalidad, kasarian, at kapansanan, bukod sa iba pang anyo ng pagkakakilanlan, ay maaaring makaapekto sa paraan kung paano nararanasan ng babae ang karahasan.

Ikaapat na Pambansang Prayoridad: Pagtugon sa sekswal na karahasan at sekswal na panliligalig

Ang sekswal na karahasan ay maaaring maging isang anyo ng karahasang pantahanan at pampamilya at isang standalone na krimen. Katulad ng karahasang pantahanan at pampamilya, mas maraming kababaihan ang nakakaranas ng sekswal na pag-atake at sekswal na panliligalig kaysa sa mga kalalakihan⁴.

Sa kabila ng kamakailang mga pagbabago sa batas, marami pa ring mga hadlang na nagpapahirap para sa mga kababaihan na mag-ulat at makagamit ng mga serbisyo. Kabilang dito ang sitwasyong hindi pinaniniwalaan ang kababaihan at bilang resulta hindi na sila nagtitiwala sa sistema ng hustisya sa krimen.

Partikular na tinutugunan ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos ang sekswal na karahasan sa pamamagitan ng pangunahing pag-iwas. Kabilang dito ang pagdadagdag ng kamalayan at pag-unawa sa mga isyu katulad ng pagkapantay-pantay ng kasarian, pahintulot at mabuting mga sekswal na relasyon, lalung-lalo na para sa mga kabataan. Naglalayon rin ito na pigilan ang mga tao na ibuntong ang sisi sa mga biktima. Ang pagtuon ng pansin na ito ay mag-aambag rin sa pagbabawas ng sekswal na panliligalig, sa tahanan, lugar ng trabaho, mga pampublikong lugar at online.

⁴ ABS, 2016 *Personal Safety Survey (Survey sa Personal na Kaligtasan)*.



Ikalimang Pambansang Prayoridad: Pagbutihin ang suporta at mga pagtugon ng sistema ng serbisyo

Ang lahat ng mga pamahalaan ay patuloy na nagtatrabaho nang mabuti upang pagbutihin ang mga pagtugon ng serbisyo upang masiguro na makaka-access ang mga kababaihan at kanilang mga anak sa tulong kung kailan nila ito kailangan. Kabilang dito ang pagbuti sa paraan kung paano natutukoy at inuulat ang karahasan, at pagbabawas sa stigma na nauugnay sa paghingi ng suporta.

Ang mga sistema ng serbisyo ay dapat sama-samang magtatrabaho upang:

- bawasan ang epekto ng karahasan sa mga kababaihan at kanilang mga anak
- bigyang prayoridad ang kanilang kaligtasan
- iwasan ang mga salarin mula sa paggamit ng karahasan.

Ang pagkilala at pagtugon sa mga maagang babalang palatandaan ay susi. Ang maagang interbensiyon ay maaaring:

- pumigil sa pagdagdag at pagdami ng karahasan laban sa mga kababaihan at mga bata
- magprotekta sa mga biktima mula sa agarang pinsala
- pumigil sa pagdagdag at pagdami ng karahasan.

Pagsasakatuparan ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos

Sa mga susunod na buwan, ang mga pamahalaan ng Australia, estado at teritoryo ay bubuo ng pambansang plano sa pagpapatupad. Ibabalangkas ng plano ang mga polisiya at mga programa na isasakatuparan ng lahat ng mga pamahalaan upang tugunan ang mga prayoridad ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos upang bawasan ang karahasan laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak. Ang plano sa pagpapatupad ay magbabalangkas rin kung paano susubaybayan at susukatin ang mga pagganap sa buong buhay ng Ikaapat na Plano ng Pagkilos.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pambansang Plano:

- Pumunta sa www.plan4womenssafety.dss.gov.au
- Basahin ang buong plano ng Pambansang Plano sa www.dss.gov.au

Para sa suporta:

May makukuhang tulong kung ikaw, o isang taong kilala mo ay dumadanas ng karahasan. Kung sakaling may emerhensiya, tumawag sa 000.

FOURTH ACTION PLAN 2019-2022

National Plan to Reduce Violence against Women and their Children 2010-2022

Para sa impormasyon, suporta, at pagpapayo, kontakin ang 1800RESPECT sa 1800 737 732 o bumisita sa www.1800respect.org.au. Ang serbisyong ito ay libre, kumpidensiyal at bukas 24 oras sa isang araw.